**PHILIPPINE GENERAL HOSPITAL**
The National University Hospital
University of the Philippines Manila
**MEDICAL SOCIAL SERVICE**
Taft Avenue, Manila
PHIC-Accredited Health Care Provider
*ISO 9001:2008 Certified*

# CITIZEN'S CHARTER/SERVICE GUIDE

## EBALWASYON NG MGA PASYENTE
## (Evaluation of Patients)

Saan-saan: MSS Main Office, unang Palapag ng Gusali ng Administrasyon, Harap ng Ward 1
Telepono: 554-8400 local nos. 2061, 2062; 526-0298

MSS-DOPS, Unang Palapag katabi ng Cashier's Office
554-8400 local no. 5132

MSS-DEM, Kanang Bahagi ng DEM lobby
554-8400 local no. 2502

Pinuno ng Yunit: Ms. Belinda Jubilo-Santos, MSW

Ang mga pasyenteng nagpapagamot sa PGH at nahihirapang tugunan ang kanilang pangangailangan sa gamutan o pagpapagamot ay sasailalim sa ebalwasyon ng Medical Social Service.

Sino ang makakakuha ng serbisyo:
- Mga pasyente sa DOPS
- Mga pasyente sa DEM o Emergency Room
- Mga pasyente na naka-admit sa Wards

Mga kailangang dalhin:
- PGH Blue Card
- Mga request ng eksaminasyon mula sa PGH klinik (DOPS)
- Mga reseta ng gamot mula sa duktor ng PGH
- Sulat (referral) mula sa duktor

Iskedyul ng serbisyo:

| | | |
|---|---|---|
| > DOPS: | Lunes hanggang Biyernes | 6:30 n. u. – 4:30 n. h. |
| > Ward: | Lunes hanggang Biyernes | 8:00 n. u. – 4:30 n. h. |
| > DEM: | Lunes hanggang Linggo | 6:00 n. u. – 2:30 n. h.;<br>2:00 n. h. – 10:30 n. g.;<br>10:00 n. g. – 6:30 n. u. |

Paano makakakuha ng serbisyo:

| HAKBANG | GAGAWIN NG PASYENTE | GAGAWIN NG OPISINA/YUNIT | ITATAGAL NG GAWAIN | EMPLEYADONG NAMAMAHALA |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Para sa mga pasyente sa DOPS:<br>Ihulog ang PGH blue card | Tawagin ang mga pasyente, unahin ang unang dumating.<br><br>Bigyan prayoridad ang mga | 5 minuto | Medical Social Worker |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa kahon na nakalagay sa harapan ng bintana ng MSS. | senior citizens. | | |
| | Paalala: Ang mga pasyenteng nangangailangang baguhin ang napaso o na-expired na card ay ini-iskedyul ng interbyu upang bigyan ng panahon ang paghahanap sa dating rekord. | | | |
| | Para sa mga pasyente sa Emergency Room: Iabot/ibigay sa Social Worker ang PGH blue card. | Kunin ang PGH blue card ng pasyente.<br><br>Iayos ang pila ng blue card ayon sa oras ng kanilang pagdating. | 3 minuto | Medical Social Worker |
| | Para sa mga naka-admit sa wards: Pumunta sa tanggapan ng MSS sa wards at ibigay ang blue card para sa panayam. | | | |
| 2 | Lumapit sa Social Worker kapag tinawag na at ipakita ang mga papeles. | Tanggapin ang mga papeles.<br><br>Isagawa ang panayam sa pasyente.<br><br>Gawin at kumpletuhin ang rekord ng pasyente. | 15 minuto hanggang 20 minuto | Medical Social Worker |
| 3 | Tanggapin ang (white) MSS card. | Ibigay at ipaliwanag sa pasyente ang gamit ng white card. | 3 minuto | Medical Social Worker |

Para sa mga may katanungan, puna o mungkahi mangyari pong makipag-ugnayan kay Ms.Daisy L. Manlangit sa MSS Main Office o tumawag sa mga numerong nabanggit sa itaas.